DAYANG MAGDALENA NIRVANA T. YRAOLA

# Sa Isang Banda: Isang Pagninilay sa Konsepto ng *Site-specificity* (Kamâ-sa- lugar) para sa Kontemporaryong Sining

**ABSTRAK**
Ang sanaysay na ito ay isang pagninilay sa pagitan ng ilang malikhaing manggagawa (creative workers) – mga artista at *curator* tungkol sa konsepto ng paggamit ng lugar bilang sentral na elemento ng paglikha. Ang paggawa ng likhang nakakamâ sa lugar (site specific work) ay isang popular na estilo/metodo sa paglikha sa kontemporaryong sining. Bagamat hindi parati, madalas ang paglikha at pagtatanghal ay nagaganap sa mga lugar na sadyang hindi ginawa para sa sining biswal, katulad ng galeri. Bagamat animo'y may pagkakaunawaan na sa pagitan ng mga malikhaing manggagawa at kanilang manonood kung ano ang kahulugan at kabuluhan nito, layunin ng pagninilay na ito na itala sa ganang mas malawak na pagsusuri sa hinaharap kung ano nga ba ang pakahulugan natin ng likhang nakakamâ sa lugar batay sa praksis ng mga kontemporaryong artistang Pilipino?

**Susing Salita:** likhang kamâ sa lugar, pumapalagay sa lugar, tumutugon sa lugar, lantay na katangian ng likha, malikhaing manggagawa, ito ay piniling bansag upang tukuyin ang mga artista, *curator, exhibit designers, museum workers, art educators*, atbp.

***ABSTRACT***
*This essay is a collection of reflections of creative workers—artists and curators, on how the concept of space or site is being used as a central element in art production. Creating site-specific works is a popular style or method in contemporary art. It is often that this type of work is produced (exhibited or performed) in spaces/ sites that are not actually intended for art, like galleries. Although there seems to be an understanding among practitioners, and to some extent their audience, when the work is considered as site specific and when it is not, the aim of this reflection now is to survey these thoughts, to take note of them for the purpose of further analysis; to find out what meaning(s) site specific art work pertains to, coming from practice of contemporary art by Filipinos.*

***Keywords:*** *site specific artwork, site oriented, site responsive, nature of work, creative workers, curator, exhibit designers, museum workers, art educators*

## ISANG TAONG PAGTATAYA

Noong 2014, sa loob ng isang taon, sinadya kong gumawa lamang ng mga *installation* at pagtatanghal (performance and happenings) sa mga lugar na itinayo na hindi para sa sining. Ito ay maaaring maayos at malinis, abandonado, paupahang silid na hindi ginagamit, guho, opisina o bahagi ng bahay na kasalukuyang ginagamit, kalsada, eskinita o kung anopaman. Ang payak na limitasyon sa aking pagpili ng lugar ay nararapat na ito ay mararating ng tao sa pamamagitan ng pampublikong transportasyon at/o paglalakad.

Ang *curatorial agenda* na ito ay hindi bilang kritik sa sistema at pamamahala ng mga museo at galeri. Ang paggawa ng eksibit at pagtatanghal ay isang eksperimentasyon sagana ng malikhaing proseso (creative process). Ang sinusubukang sagutin ay kung gaano kalawak, kalalim o kakomplikado ang kailangang harapin o mararating ng pagbuo ng proyektong pansining (art project) kung tatanggalin mo ang mga pasilidad ng mga impraestrukturang pansining.

Bago matapos ang 2014, napansing ang mga proyektong nabuo ay mga bagong likha o edisyon ng lumang likha. At ang lahat ng mga likhang ito ay binuo upang tumugon, umangkop o halawin ang lugar na pinagtayuan o pinagdausan ng pagtatanghal.

Naitanong ko, kapagtayo ba ay bumuo ng bagong likha (o bagong edisyon ng lumang likha) sa isang espisipikong lugar, tayo ba ay otomatikong gumagawa ng *site-specific artwork?*


Ang likhang nakakamâ sa lugar o *site-specificity* sa sining ay isang kilusan o *art movement* na nagmula sa Amerika noong dekada 70, kaakibat ng iba pang *movement* na inilalayo o inilalabas ang sining sa formal na presentasyon sa mga galeri at museo. Paglaon, ito ay tumukoy sa mga likhang sining na itinayo sa isang tiyak o espesipikong lugar. Kasama ang mga katangian ng lugar sa isinasaalang-alang ng artista sa kaniyang pagbuo ng konsepto ng likha.[1]

Ang pag-angkat ng konsepto, kabilang na ang mga ideolohiya at diskurso sa sining, ay hindi isang bagong pangyayari sa kahit anong aspekto ng paglikha at/o pag-iisip. Gayumpaman, ang praksis ay maaaring manganak ng iba't ibang pakahulugan o interpretasyon sa isang konseptong hiram.

Para sa sanaysay na ito, gagamitin ang saling "kamâ sa lugar" para sa site-specific. Ang kamâ ay isang salitang Tagalog na ang ibig sabihin ay nakatugma, nakalaan, o sinadyang ilaan sa pinaglalaanan. Halimbawang gamit ay: "nakakamâ na ang mga poste para sa pader ng bahay."

Ang *artwork* naman ay tatawaging likha; bagay ang salin na gagamitin para sa *object* at materyales para sa *medium*. Likha ang pinili para sa artwork upang bigyang-diin na ito ay binubuo kasama ang intensiyon, pakikipagnegosasyon at desisyon ng artista. Sa usaping sining, ang object ay maaaring likha o hindi, ito ay isang pisikal na korpus (physical entity) na may diskursibong kakanyahan (discursive). Sa ganitong depinisyon, ang likha ay isang bagay din, bagamat mas tukoy na nilikha ang likha na may intensiyong gawin ito para sa sining. Ang materyales ay mga bagay na bahagi ng isang likha. Ang paggamit o pagmanipula ng ibang materyales ay hindi lamang sa ganang utilitaryan. Minsan ang piniling materyales ay bahagi ng ipinapangusap ng artista (artist statement).

Ang eksibit na *Reroute* ay ginanap sa U.P. Vargas Museum noong 3 hanggang 21 ng Marso 2015. Naglalaman ito ng mga likhang binuo na nakakamâ sa isang partikular na lugar. Ang mga likha rito ay mula sa mga proyektong *Transi(en)t MNL* na ginanap sa Escolta noong Nobyembre 2014, *Hantong* na ginanap din sa Escolta noong Disyembre 2014, at *Listening Terminals* na ginanap sa U.P. Diliman Campus noong Pebrero 2015. Ako ang curator para sa *Transi(en)t MNL* at *Listening Terminals*. Samantalang ang *Hantong* ay proyekto ng 98B COLLABoratory[2] at mga *visiting artist* mula sa Art Center Ongoing.[3]




Base sa pamagat, layunin muling itanghal ang mga likhang ginawa para sa tiyak o partikular na lugar. Bilang proyekto, ang *Reroute* ay nakatutok sa pagtatanghal (staging). Ito ay nagsubok itanong kung: makikita pa rin ba ang pagkakamâ sa isang lugar ng likha kung ito ay ililipat ng lokasyon ng pagtatanghal? At ikalawa, ano nga ba ang lugar, ito ba ay tanghalan o ito ay bahagi ng likha?

Habang binubuo ang eksibisyon, mayroon pang ilang tanong na lumabas: Kailangan bang sa muling pag-eksibit ng likha ay maging kamukha/kakambal ito ng naunang pagtatanghal? Ito ba ay pareho pa ring likha kung nailipat na ng lugar? Paano binago ng lugar ng eksibisyon ang likha? Pareho pa rin ba ng orihinal ang mensahe ng likhang inilipat?

Noong 7 Marso 2015, bumuo ng isang diskusyon upang mapag-usapan ang isyu ng site-specific. Kasama sa roundtable discussion sina Leo Abaya (propesor sa Fine Arts, curator at artista), Renan Ortiz (sining biswal), Kabaitan Bautista (kompositor), Ian Carlo Jaucian (sining biswal), Joseph Gabriel (sining biswal), Kulay Labitigan (sining biswal), iba pang mga artista, estudyante, at ilang tagasuporta ng sining.

Pinagpatuloy din ang diskusyon sa pamamagitan ng internet, kung saan ang ilang artista na hindi nakadalo sa Vargas, na may karanasan o kasalukuyang pananaliksik ay inimbitahang ipadala ang kanilang opinyon tungkol sa naturang usapin. Dalawa ang tumugon sa imbitasyon, si Alwin Reamillo (sining biswal) at si Fara Manuel (sining biswal).

Ito ang mga usaping lumabas: lantay na katangian ng likha (nature of work); pangkalinangang gabay at penomenolohiya (cultural framework and phenomenology); kamâ sa lugar/ pumapalagay sa lugar/ tumutugon sa lugar (Site specific/ oriented/ responsive); lugar bilang ideya o konsepto; iba pang elemento: oras, materyales, atbp.

Pangunahin, ang sanaysay na ito ay isang pagtatala ng naganap na dikusyon sa Vargas at sa internet. Ang mga tugon at opinyon na nagpapatungkol sa partikular na paksa ay pinagsama-sama. Ito rin ay naglalaman ng karagdagang analisis at iginiya upang masagot ang iisang pangunahing tanong: **ano nga ba ang pakahulugan natin ng likhang nakakamâ sa lugar batay sa praksis ng mga kontemporaryong artistang Filipino?**

## PAGKAKAMÂ NG LIKHA BILANG USAPIN

Ibinigay na halimbawa ni Renan Ortiz ang dalawang likha na gumamit ng iisang imahen—ang mukha ni Imelda Marcos para sa likha ni Alvin Zafra at nina Alwin Reamillo at Juliet Lea sa magkaibang panahon. Sa pagkakataong ito, nakatuon si Ortiz sa aspekto ng pagkakakilanlan o ang imahen bilang pangunahing pantangi (identifier) sa pagiging likhang kamâ sa lugar.

Ang likha ni Zafra na "Imelda" ay isang *painting* sa liha, sa pamamagitan ng pagkaskas ng bolo. Ito ay humahalaw ng simbolismo sa pangyayari noong 1972 kung saan tinangkang tagain ni Carlito Dimahilig si Imelda Marcos habang nasa isang pampublikong okasyon.[4]

Ang kina Reamillo at Lea[5] naman ay bahagi ng isang installation na ginawa sa Manila Film Center na may pamagat na "Blackhole Project." Ang imahen ni Imelda ay gawa sa kongkreto

na nakadikit sa pader at sinamahan ng ilaw ng projector. Makahulugan ito dahil isa ang Film Center sa pinakamalalaking gusaling pangkulturang ipinatayo ni Imelda noong 1970's hanggang unang bahagi ng 80's. Sa kasamaang palad, ang konstruksiyon ng Film Center ay nagbuwis ng dalawang-daang buhay nang gumuho ito bago pa man matapos ang konstruksiyon. Samantalang ang iba't ibang elemento ng installation ay animo'y paalala o multo ng pangyayaring ito.



"Imelda" ni Alvin Zafra (larawan mula kay Zafra)



"Imelda" ni Alvin Zafra (larawan mula kay Zafra) "Imelda" ni Alwin Reamilo at Juliet Lea (larawan mula kay Reamilo)

Ayon sa kay Ortiz, bagamat parehong mukha ni Imelda ang ginamit, kung papalitan ang mga elemento ng dalawang likha, mag-iiba ang kahulugan at impact nito. Halimbawa, kung ang kina Reamillo at Lea ay tatanggalin sa Film Center, maaaring hindi na maging kasing lakas ang mensahe ng imahen. Ang kay Zafra naman kung papalitan ang mga bolo, ay gayundin.

Bilang dagdag, napag-usapan din ang gawa ni Ortiz na may pamagat na "Padyak," para sa *Transi(en)t MNL*, na noo'y bahagi rin ng *Reroute*. Ito ay isang *pedicab* o padyak na nilagyan ng malaking payong at bidyo. Gamit ang motor pinapaikot ang payong. Nakasulat dito ang iba't ibang paraan ng pag-*torture* ng mga pulis. Sa palibot ng payong ay may mga bombilya. Ang bahaging ito ay dinisenyo na animo'y roleta. Ang bidyo naman ay naglalaman ng iba't ibang eksena mula sa protestang kaugnay ang pagmamalabis ng mga pulis, naka-*format* na animo ay dokumentaryong balita.


Ang pagpili ng paggamit ng padyak ay naisip niya habang inoobserbahan ang Intramuros kung saan ito orihinal na nakaplanong ieksibit. Ang pagpili naman ng isyu ng *police brutality* ay isa lamang sa maraming isyu na nilalabanan ni Ortiz, bilang isang malay at aktibong miyembro ng Concerned Artist of the Philippines. Nang nilipat ang eksibit sa Escolta, napansin niyang bagay pa rin ang padyak bilang talinghaga para sa nais niyang iparating sa likha. Marahil, dahil bilang pook, ang Intramuros naman at Escolta ay maraming pagkakatulad. Nang inilipat ang likha sa Vargas Museum, malinaw pa ring nababasa ang mensahe tungkol sa pang-aabuso ng mga pulis. Nababagay pa rin naman ito sa lunan, sapagkat ang U.P. naman ay kilala bilang isang demokratikong institusyon para sa malayang pamamahayag, maging ito ay pagtuligsa sa gobyerno. Bahagya nga lamang mapapansin na hindi otomatiko ang pag-unawa kung bakit ang ginamit na materyales ay padyak.



"Padyak" ni Renan Ortiz sa Escolta (larawan mula sa BMLab)



"Padyak" sa Vargas Museum (larawan mula sa may-akda)



"Lasercrabber" ni Ian Carlo Jaucian sa Escolta (larawan mula kay Tricia Caisip)

Ayon naman kay Ian Carlo Jaucian, isa sa mga artistang kalahok sa *Transi(en)t MNL*, ang kaniyang likha ay may kakayahang lumipat o ilipat sa ibang lugar. Ang likha ni Jaucian ay isang *drone* robot, tinatawag na "Laser Crabber." Ito ay isang robot na may remote control na cellphone. Pumasyal ito sa Escolta para magsunog ng mga insekto (gaya ng ipis), magsulat sa pader o kalsada gamit ang laser. Ang naging papel ng robot sa eksibisyon ay i-*activate* ang ilang sulok na sadyang di napapansin sa normal na pagkakataon. Bagamat may karapatan ang artista na ideklara ang kaniyang likha bilang nakakakamâ sa lugar o hindi, ang pagiging epektibo ng likha ay nakasalalay sa pakikipagdiyalogo nito sa manonood.



"Lasercrabber" sa Vargas Museum (larawan mula sa may- akda)

Ang likha nina Jaucian at Ortiz ay hindi maaaring basta na lang sabihin na hindi nakakamâ sa lugar dahil katanggap-tanggap ang mensahe at epekto ng likha sa ibang lugar. Sa ganitong pagtataya, napapansing ang likha ay may iba't ibang aspekto o paghuhugutan ng kahulugan na maaaring gamitin upang uriin kung ito ay nangungusap or nakikipag-usap sa lunan ng pinagtatanghalan.

Ayon kay Leo Abaya, kung gagamitin ang klasikong pagpapakahulugan sa *site-specific* maaaring kuwestiyunin ang gawa ni Jaucian at Ortiz. Ginamit ni Abaya ang likha ni Robert Barry noong 1969 na sinabi niyang hindi maaaring alisin ang installation kung saan niya ito ginawa, ang paglipat nito ay pagsira ng likha.[6] Gayundin ang kay Richard Serra makalipas ang dalawampung taon, kung saan sinabi niyang ang paglilipat ng likha ay pagsira dito.[7] Gayumpaman, ayon pa rin kay Abaya, ang pagbibigay na halimbawa kay Barry at Serra ay para lamang ipakita ang pinagmulan ng konsepto. Idinagdag niyang mahalaga na pagnilayan natin kung ano ang kahulugan ng konseptong ito sa kasalukuyan base sa ating praksis.

Upang mapalawig ang usapin, inilatag ni Abaya ang ilang tanong na maaaring suriin sa pag-aaral ng likhang nakakamâ sa lugar: Paano natin nakikilala ang likhang nakakamâ sa lugar? Mayroon ba itong mga palatandaan? Ito ba ay literal o pisikal? Sapat ba na sabihin ng artista na ang kaniyang likha ay nakakamâ sa lugar upang ito ay kilalaning ganoon? Ang pagkakamâ ng likha sa lugar ay nasa nilalaman, nasa epekto, o sa intensiyon ng artista? Nakikilala ba ang pagkakamâ ng isang likha sa lugar kapag nakita o naranas mo ito? Ang pagkakamâ ba ng isang likha ay *a priori* o *a posteriori*?

Maaaring ang mabubuong depinisyon ay hindi sumusunod sa klasikong depinisyon ng site-specific. Lumabas ang konsepto ng site-specific dahil naghahanap noon ang ibang artista na gumawa ng paraan na hindi sumunod sa panuntunan ng mga galeri—kung saan ito ay nagtatakda na ang mga likha ay ang bagay, naililipat at maaaring maging pag-aari ng mga indibidwal. Pero dahil ang paghahanap at pagsubok ng mga depinisyon ay bahagi na ng natural na kalakaran sa sining, mainam lang na pinag-uusapan ito sa kasalukuyan. Ginamit niyang halimbawa si Daniel Buren, isang conceptual artist, na nagsabit ng kaniyang mga drawing sa isang sampayan. Ang sampayan ay pinalampas niya sa mga bintana ng galeri, palabas ng lugar na itinakda para sa eksibit.[8] Napakarami pang likhang ganito. Maging sa kasalukuyang henerasyon ng mga artista. Ito ang dahilan kung bakit ang ideya, pagpapakahulugan, hanggaan (kung mayroon man), nasasakupan, ng site-specific ay problematiko at nararapat na pinoproblema.

## PANGKALINANGANG GABAY (CULTURAL FRAMEWORK) AT PENOMINOLOHIYA (PHENOMENOLOGY)

Ayon kay Joseph Gabriel, isa sa mga artista na mula sa *Hantong*, dalawang bagay ang naging panuntunan nila (ng co-collaborator na si Kulay Labitigan) sa konseptuwalisasyon ng likha—ang pangkasaysayang saysay ng lugar (Escolta) at ang kasalukuyan nitong katangian. Sa pisikal na aspekto, tiningnan nila kung ano ang maaaring gawin sa lugar. Sa konseptuwal na aspekto, sinuri naman nila kung ano ang gamit ng lugar, ang kulturang nakapaligid dito, kasama na ang mga paniniwala, pamahiin at dynamics ng mga tao. Dahil ang lugar ay nasa Chinatown, at ito ay isang komersiyal na pook, humiram sila ng mga talinghaga mula sa kultura ng pananalapi, mga kaugalian, gawi at paniniwala ng mga Pilipinong-Tsino. Pinamagatan nina Gabriel at Labitigan na "Headquarters." Ito ay isang installation sa loob ng maliit na opisina sa mezzanine ng First United Building (FUB). Dati itong *money changer*. Ang Escolta naman kung saan naroon ang FUB ay dating isang sentrong pangkomersiyo na maihahalintulad sa Makati. Sa kasalukuyang panahon ang dating money changer at ang pagiging sentrong pangkomersiyo ay isa na lamang alaala. Binihisan ng mga artista ang maliit na silid na mukhang may gumagamit nito. Nilagyan ng



"Headquarters" ni Joseph Gabriel at Kulay Labitigan sa Escolta (larawan mula kina Gabriel at Labitigan)





“Headquarters” sa Vargas Museum (larawan mula sa may- akda)

mga kiat-kiat at mensahe na maaaring kainin ang mga kiat-kiat, kahit gaano karami pero hindi maaaring ilabas sa silid. Sa isang sulok ay may maliit na basurahan. Layunin ng likhang ito na obserbahan kung paanong ang mga tao ay tutugon sa mga nilagay nilang elemento ng interaksyon. Kahalintulad sa kalakaran ng pamayanan, nais nilang makita kung paano ang interkasyon ng tao sa lugar ay nagdadala ng pagkasira o higit na kaayusan.


Para sa lugar ding iyon itinakda ang likha ni Mark Salvatus na “Ghost Writer,” para sa *Transi(en)t MNL*. Ang kay Mark naman ay isang likhang-tunog (sound work), tunog lamang ng makinilya ang mapupuna sa pagpasok sa silid. Samantala ang buong paligid ay nilagyan ng iba’t ibang gamit na maaaring matagpuan sa silid ng manunulat. Ayon kay Mark pinili niyang gawin ito upang patingkarin ang bahagi ng kasaysayan ng gusali (First United Building), na noong mga nakaraang panahon ay naging opisina ng mga produksiyong pampelikula at brodkast, gayundin ang opisina ng mga artista katulad ni Dolphy.

Itinanong sa grupo kung ang mga hinalaw ba o hiniram na talinghaga sa mga likha ay nakita o nadanas din nila? Ayon kay Adrianne Dy, isa sa mga bisitang nakaranas na ng mga eksibisyon sa Escolta, noong nakita niya ang Headquarters nila Joseph at Kulay, nakilala niya kaagad na ito ay may “Binondo vibe.”



“Ghost writer” ni Mark Salvatus sa Escolta (larawan mula sa BMLab)

Bilang pagsusuri ni Abaya, ayon sa kaniya, sa sinulat ni Miwon Kwon,[9] sa pagbuo ng isang likha, una iyong penominolohikal (phenomenological), kung ano iyong pakiramdam ng artista doon sa pisikal na katangian ng lugar.  Mayroon din iyong sa praktis na katulad ng ginawa ni Ortiz kung saan ito ay nakabase sa isang pangkalinangang gabay.



"Ghost writer" sa Vargas Museum (larawan mula sa may-akda)

Ito ang mga pagkakataon na ang relasyon ng likha at ng tumitingin/manonood ay nagsisimula sa pagkilala ng mga pamilyar na elemento. Sa ilang pag-aaral tungkol sa lugar (Kwon,[10] Harvey,[11] Lefebvre[12]) mayroong tinatawag na *relational space*. Ang lugar at ang mga likha, sa ganang likhang nakakamâ sa lugar, ay hindi nananahan sa kawalan, bagkus, ito ay nasasakop ng mga karanasan, intensiyon, proseso, motibasyon at pagtatangi ng lahat ng nakararanas nito (ng artista at ng mga tumitingin). Kung babalikan ang unang bahagi ng sanaysay na ito, katulad ng nabanggit ni Jaucian, mahalaga ang pakikipagdiyalogo ng likha sa manonood. Mahalaga ring bigyan ng diin, na ang diyalogo sa pagitan ng dalawang grupo ng tao—artista at manonood—ay inilalapat sa isang lugar na naging tagpuan na ng diyalogo sa mga naunang panahon.

**Lantay na katangian ng likha *(Nature of work)***

Ang mga likhang nakakamâ sa lugar ba ay iyon lamang binuo sa lugar kung saan sya ginawa/binuo? Tanong ni Kabaitan Bautista, isa sa mga kompositor ng *Listening Terminals*, paano naman ang likhang tunog (sound work). Mayroong isang paraan sa pagbuo ng mga proyektong likhang tunog na nag-re-*record* ng tunog mula sa iba't ibang bagay o lugar. Pagkatapos ito ay gagamiting elemento ng komposisyon, na kadalasan ay ginagawa sa mga *computer* sa *studio*. Sa ganitong proseso, tatlo ang site o lugar ng sining dito: ang pinagkuhanan ng tunog, ang lugar kung saan ito binuo bilang komposisyon, at ang lugar na itinakda kung saan ito ipaparinig. Sa pagkakataong ito, saan nakakamâ ang likha?

Sa kabilang banda, naitanong din ng isa sa mga estudyanteng nasa diskusyon kung ano ang pagkakaiba ng proseso ng mga *sound artists* sa mga pintor na kumukuha ng larawan, dinadala sa *studio*, duon nagpipinta at saka sinasabit sa galeri ang ginawa. Tugon ni Abaya, na hindi lang naman ganito ang paraan ng pagpipinta. Hindi katulad ng mga likhang tunog na nangangailangan lagi ng *recorder*.

Bilang karagdagang tugon, binanggit ko na sa kaso ng *Listening Terminals*, itinakda ang tatlong lugar: pagkukunan, paggagawan at pagtatanghalan. Kasama ito sa panuntunan sa pagbuo ng komposisyon. Ang mga tunog na kokolektahin at gagamiting materyales sa



"Listening Terminal" sa UP Diliman Academic Oval [larawan ni Toni Muñoz]



"Listening Terminal" sa Vargas (larawan mula sa may-akda)

komposisyon ay yun lamang mula sa Metro Manila. Ang mga kompositor ay nahahati sa tatlong grupo: yaong mga taga-UP (kung saan itatanghal ang installation), yaong mga kompositor na hindi taga-UP pero pamilyar sa itsura at *dynamics* ng Oval, at yaong mga kompositor na hindi pa nakakarating sa UP. Layunin nitong makakalap ng mas diverse na interpretasyon ng parehong sound sources. Ang *installation* ay magiging *sound punctuation* o kudlit sa isang lugar na may pamilyar na sonikong katangian. Hindi ilalatag ang tunog para makipaglaban sa kung anona ang tunog na maririnig sa paligid. Kasama sa proseso ng pagbubuo ng proyektong ito ang pag-aralan ang kakaibang sonikong katangian (unique sonic character) ng lugar ng pagtatanghalan. Kahalintulad nito ang pagsutsot or pagpito. Sa ganitong kuratoryal na pagtatakda, walang ibang paraan o proseso ng paggawa ang mga kompositor kundi ang magkaroon o ikonsidera ang tatlong lugar. Bilang *curator* ng eksibit na ito, madali kong masasabi na ang mga likha ay ikinamâ sa pagtatanghalang lugar at hindi sa dalawa pang nauna.

**Kamâ sa lugar/pumapalagay sa lugar/tumutugon sa lugar (Site specific/oriented/ responsive)**

Binalikan ni Adrianne Dy ang mga likha ni Ortiz at nila Gabriel at Labitigan. Ayon sa kaniya, ang dalawang likha ay malaki ang pagkakaiba pagdating sa konseptuwalisasyon at presentasyon. Ang lugar na pinagtatanghalan ng kay Ortiz ay nakakadagdag sa impact ng likha. Kahit ipaglipat-lipat mo ito, mauunawaan mo pa rin ang gustong ipahayag ng artista. Sa kabilang banda, ang kina Gabriel at Labitigan, kasama ang lugar sa kanilang likha, kapag

nilipat mo ito (katulad ng ginawa sa *Reroute*), ibang likha na ito. Maaaring ang isa ay tawaging kamâ sa lugar, iyong kina Gabriel at Labitigan, dahil naging ibang likha na ito nang inilipat sa Vargas.  At ang kay Ortiz bilang *site-oriented* o pumapalagay sa lugar, dahil ito ay naging kamâ sa parehong lugar na pinagtanghalan bagamat magkaiba ang konteksto ng lugar. Sa katunayan, ito ay humahalaw ng konteksto mula sa lugar na pinagtatanghalan.

Maaaring iba pa ang tumutugon sa lugar o *site responsive*kaysa sapumapalagay sa lugar o *site oriented*.



"Wave #1" ni Czar Kristoff (kaliwa: Escolta; kanan: Vargas Museum) (larawan mula kay Kristoff )

Ang *Wave #1* ni Czar Kristoff, ito ay isang *black and white* na *video* na naglalaman ng malabong (blurred) mga imahen ng gumagalaw na bagay at tao, na may malinaw na tunog ng lagaslas ng tubig at salita ng tao. Ayon kay Kristoff, ito ay isang dokumentasyon ng kaniyang paglalakbay sa pagitan ng Laguna de Bay (kung saan siya nakatira) at tag-ulan sa Maynila (kung saan siya nag-*art residency* noong Nobyembre 2014). Ito ay itinakdang itanghal sa isang maliit at madilim na lugar na animo'y kabinet. Ang manonood ay nasa sa labas ng lugar na pinaglalagyan ng *video*. Ito ay pinapanood nang nakaupo at pinapakinggan gamit ang *headset*. Layunin ng likha na panoorin lamang ang video at hindi iparamdam na ang manonood ay bahagi ng naturang dokumentasyon. Taliwas ito sa ibang likha na naglalayong iparamdam sa manonood na siya ay bahagi o nasa sa loob ng likha. Sa

ganang kay Kristoff, sadyang itinakda itong itanghal sa ilalim ng hagdan ng FUB. Sa lugar na iyon malinaw ang pagkakaiba ng sitwasyon o kinalalagyan ng video at ng manonood. Samantalang ang video ay nakakulong sa madilim na lugar, ang manood ay napapaligiran ng galaw (movement)—sa itaas niya ay hagdan, kung saan panhik-panaog ang mga tao, sa likod at gilid ay mga taong paroo't parito. Nang inilipat ang likha sa Vargas, inilagay ang video sa isang sulok ng 3F North Gallery, na halos kamukha ng kinalagyan nito sa Escolta. Ang pagkakaiba nga lamang, imbes na daanan, nasa pagitan ng dalawang salaming bintana ang installation ni Kristoff. Imbes na sa ibabaw at likuran ng manonood ang mga gumagalaw na hindi bahagi ng likha, ito ay nasa likod niya at nasa harapan. Gayumpaman, nabigyang diin nito ang pakay ng artista na gawing *isolated experience* o hindi bahagi ang manood sa kaniyang pinapanood ang pagranas sa kaniyang likha.

Ang likha ni Kristoff ay maaaring gamitin na halimbawa ng likhang tumutugon sa lugar (site responsive). Ang lugar ay hindi direktang binabago ang kahulugan ng likha, mas malamang ang epekto ng lugar na pinagtatanghalan sa pisikal na pagkaranas nito.

Maaari ding sa paksang ito isama ang ibinahaging karanasan ni Reamillo sa kanilang "Blackhole Project." Sa pagkakataong ito, malinaw ang hangganan (extent) ng lugar ng binubuo ang likha—ito ay ang Film Center. Sa pagtatanghal na ito, maitatayang kakaunti lamang ang maaaring makaranas ng likha dahil ang lugar ay hindi naman bukas sa publiko. Maraming limitasyon sa pagpapasok sa pagsasaalang-alang ng kaligtasan. Gayumpaman, nagkaroon ng panibagong anyo o buhay ang likha dahil ito ay lumabas sa midya. Sa Film Center kinunan ang ilang palabas tungkol sa multo at katatakutan sa panahon ng undas. Bagamat hindi sinasadya, nakasama sa palabas na iyon o nagkaroon ng karagdagang exposure ang likha nila Reamillo at Lea. Ayon pa kay Reamillo, nabubuhay ang isang trabaho, kahit medyo taliwas na ng kaunti ang pokus. Ito ay isang okasyon kung saan ang likha tumutugon o lugar. Dinala ng midya ang likha, bagamat hindi pisikal, sa panibagong paraan ng pagkonsumo o pagranas, at maaari ring, katulad ng nabanggit ni Reamillo, nagkaroon ng isa pang bagong likha mula sa kanilang ginawa.

**Lugar bilang ideya o konsepto**

Suhestiyon ni Abaya na baka maaaring ibaling ang atensiyon palayo sa bagay, at mas matimbang sa lugar. Madalas, ipinapalagay na ang lugar ay neutral, pisikal lamang. Pero kung titingnan ang lugar bilang isang konsepto—bilang isang konseptuwal na balangkas, bilang institusyon—baka mas madaling uriin ang lebel ng pagiging kamâ sa lugar ng isang bagay (o likha). Ito ay kung tinatanggap na ang konsepto ng pagkakamâ sa lugar bilang organikong proseso at nakabatay sa praktika ng paglikha. Pero kung naniniwalang nakatakda na ang depinisyon, mahirap iyon. Kailangan nating buksan na ang lugar ay hindi lamang pisikal. Halimbawa iyong gawa ni Ortiz, may relasyon na ito sa Vargas. Ang

kaniyang pagiging kritikal ay nasa sa loob ng kritikalismo sa isang Unibersidad ng Estado. Itinanong din kung sa ganitong pagtingin, kailan hindi magiging hindi epektibo ang likha dahil sa lugar?

Tugon ni Ortiz, nakalinya sa ganitong usapin, ang dekontekstuwalisasyon upang maipahayag ang sinasabi ng artista. Ibinigay na halimbawa ni Ortiz ang *Fountain* ni Marcel Duchamp, isang ihiang panlalaki na inilagay sa galeri.[13] Inihalintulad niya ang pangyayaring ito sa nangyaring eksibit sa paaralan kung saan siya nagtuturo. Dito gumamit ng mga pako at tsinelas ang mga estudyante. Nang makita iyon ng mga tagalinis, ang sinabi nila ay sayang ang mga gamit. Marahil, dahil hindi nakapasok sa kamalayan ng mga nakakita ang halaga ng materyales sa ipinapangusap ng mga likha.

Sa puntong ito, napag-usapan ang ideya ng dekonstruksiyon, na sa larangan ng sining, ang mga bagay ay maaaring pitasin sa kanilang konteksto upang maging bahagi ng panibagong konteksto. Ito ay isang batis ng modernismo sa sining.

Naibahagi ni Fara Manuel ang isa pang paraan ng pagtataya sa lugar bilang isang konsepto. Ayon sa kaniya, maaaring ang lugar ay isang talinghaga o metapora para sa isa pang lugar. Ginamit na halimbawa ni Manuel ang dalawa niyang likha upang ipaliwanag ang opinyong ito. Ang naging punto ng kaniyang gawa para sa isang kahingian sa klase sa MFA noong 2012 ay kung paano maililipat ang Baguio, bilang lugar ng aktibidad, sa isa pang pook na maaaring katawanin ng linya at galaw (lines and gestures).

Ang likha ay naglalaman ng dokumentasyon ng pagbibisikleta gamit ang GPS. Sa ganitong paraan, naniniwala si Manuel na nakagawa siya ng isang representasyon ng lugar. Ang linyang tinahak ng kaniyang bisikleta ay maaaring gawin o ulitin sa iba pang lugar. Mas literal ang ginawa niyang pagsasalin o paglilipat ng lugar noong 2013, para sa eksibit na PRESS ON: 45th Philippine Association of Printmakers group show. CICLO *Action printing* ang tawag ni Manuel



Ruta ng pagbibisikletang naitala sa GPS ni Manuel (larawan mula kay Manuel)

sa “pag-imprenta” o pagbuo ng imahen sa pamamagitan ng pagsagasa o pagpapadaan ng gulong sa papel. Nagdala siya ng sampung sako ng lupa galing sa Baguio para sa pagtatanghal na ito sa CCP, at sinubukang ulitin ang paraan ng pagpipinta, napatunayan niyang ang kaniyang prints na ginawa sa aktuwal na *bike track* ay iba sa kaniyang nabuo sa galeri.




(Larawan mula kay Fara Manuel-Nolasco)

Ito ay maaaring magpakita pa rin ng kaugnayan sa pinanggalingang lugar, pero ang buong proseso ng paglikha ay gumawa rin ng panibagong lugar. Tinawag niya itong *non-site*. Ito ay halaw sa pamagat ng likha ni Robert Smithson noong 1979.[14] Ayon kay Manuel, ang non-site ay isang metaporikal na representasyon ng original o pinaghalawang lugar kung saan nakakamâ o nakabatay ang isang likha. Ang likha bilang pagtatanghal (performance) ay mahalagang aspekto sa pagsasalin ng isang lugar patungo sa isang non-site, dahil sa paraang ito nagiging mas malinaw na ang likha ay simulated o “likhang” bersiyon ng original na lugar.

**Iba pang elemento: Materyales, Oras o Panahon**

Kung ang lugar kung saan nakakamâ ang mga likha ay isang konsepto, posible kaya na ito’y naaapektuhan din ng iba pang konsepto, katulad ng oras o panahon, piniling materyales? Ang mga ito ay maaari ding hindi lamang pisikal, bagkus ay diskursibong konsepto.

Sa *Listening Terminals* ang bagay na pinaglalagyan ng tunog ay isang serye ng *D-I-Y sensor activated mono speaker* na may *digital player*. Ang piniling gamitin para sa *electronics* ay sadyang para sa panlabas na gamit (outdoor). Ang pinaglalagyan nito ay mga palangganitang metal na sadyang iningatan ang pagkakabit-kabit ng mga bahagi para magmukha itong *ready-made*, imbes na *prototype*. Ganito ang naging desisyon sa pagpili ng materyales dahil isinaalang-alang na ang mga ito ay itatanghal sa pampublikong lugar. Iba’t iba ang lebel ng estetikong kamalayan at pagtatangi ng mga taong makakakita nito. Malaki ang tsansa na bibihira ang makakaunawa at nagkakainteres sa *texture* ng *electronic*

*prototype*. At dahil ang mas nakararaming tao ay higit na pinapaboran ang biswal na pandama kaysa sa pandinig, dinagdagan ng maliit na ilaw na kasabay bumubukas ng tunog. Sa pagpili ng materyales para sa likhang ito dalawang bagay ang binigyang-diin sa disenyo: una, na ito ay kapansin-pansin para sa mga dumadaan; at pangalawa, na ang disenyo ng sisidlan ay hindi makakaagaw ng atensiyon sa dapat maranas sa pangunahing likha—ang tunog. Saganang tunog naman, ang pakay ng proyektong ito ay magkaroon ng *sound punctuation* sa Academic Oval; tawagin ang pansin ng dumadaan sa pamamagitan ng tunog—kaparis ng sutsot o pagsilbato. Hindi magdagdag ng ng panibagong *constant* na tunog sa ingay na nakasanayan sa nasabing lokasyon. Ang layuning ito ang nagtakda kung gaano kalakas o kahina, kaliit o kalawak ang tunog na lumabas sa listening terminals. Sa madaling salita, ang pagpili ng materyales ay nakasalalay sa lugar kung saan itinakdang itanghal ang listening terminals.

Mula sa ilang palitan sa *internet*, ibinahagi ni Reamillo na sa kaniyang proseso ng paglikha ay minsan nagsisimula rin sa interes sa *found objects*—ito ay mga bagay na kadalasang napupulot pagbumibiyahe. Sa kanilang "Blackhole Project," hinango nila ang mga materyales mula mismo sa bodega ng Film Center. Ang tambak ng mga lumang gamit pang-opisina ng CCP. At ito, para kay Reamillo, ay isang paraan din kung bakit nasasabing nakakamâ sa lugar ang likha. Binigay niya ring halimbawa ang isa pa niyang proyekto, para sa Las Casas Filipinas. Ang Las Casas ay isang *heritage resort* sa probinsiya ng Bataan. Binubuo ito ng iba't ibang lumang gusali na inilipat mula sa iba't ibang lugar sa Pilipinas. Lumalabas na isa itong pisikal na rekonstruksiyon ng kasaysayan ng itinayong kalinangan (reconstruction of history of built heritage). Ang nilikha ni Reamillo na proyekto para rito ay tore ng piano. Ang interes na gawin ito ay nasa linya ng dekonstruksyon ng bagay, ng isang instrumento, mula sa kaniyang utilitarian na katangian (bilang ito ay pinapatunog ng nakatihaya, imbes na nakatayo). Sa proyektong ito, magkakawing ang karanasan ng lugar o ang pinagtanghalan at ng bagay, na siyang itinanghal. Sa ganang depamilyarisasyon, ang mga katangian ng gusali at ng piano ay mas nabigyang pansin sa pag-alis sa kanila sa lantay na konteksto. Ang mga nakakita nito ay binigyan ng pagkakataong magkaroon ng bagong karanasan o pagkaranas sa mga bagay na pamilyar. Ayon kay Reamillo, ito ang silbi ng sining—ang magbigay ng bagong malikhaing karanasan.

Mahalaga ang puntong ito—ang pagsuri sa materyales at ang kaugnayan nito sa pinagtatanghalang lugar. Ang pagkakamâ sa isang lugar ng likha ay hindi kailangang literal. Katulad ng nabanggit sa naunang bahagi ng artikulong ito, pagkamâ (specificity) katulad ng lugar (site) ay maaaring konseptuwal. Maaaring iugnay dito ang nabanggit ni Abaya na malikhaing proseso kung saan tinatanggal ng mga artista ang *hermetic quality* ng mga bagay kapag ito ay itinahi na sa lugar ng pagtatanghalan. Mayroong kakayahan ang mga bagay at lugar na bumuo ng konteksto batay sa kung paano ito dinadanas, kung ano ang mga kaganapang nakapalibot dito, at maging sa kung anong pagkakataon o panahon ito naganap.

Sa ganang oras o panahon o pagkakataon, ginamit ni Ortiz na halimbawa ang isang napanood—si Pangulong Aquino at si Pangulong Obama ay pumipirma, sa likod nila ay naroon ang painting ni Carlos Botong Francisco na "Sandugo." Ayon kay Ortiz, bagamat ito ay hindi pagtatanghal pansining, malinaw kung paanong ang panahon ay nakakaapekto sa konteksto ng mga pangyayari. Ang "Sandugo" ay nilikha upang ipakita ang pakikipagkasundo ng Pilipinas sa mga Kastila, na nang lumaon ay naging kolonisador na Kastila. At sa harap nito, sa panahong kasalukuyan ay ang muling pagbibigkis ng mga Amerikano sa mga Filipino. Malaman ang mga interpretasyon ng dalawang *juxtaposed* na imahen, na iniiwan nito sa mga nakakita.

Nabanggit ko rin na ang "Padyak" ni Ortiz, ng ito ay binuo, maingay pa ang usapin ng police brutality. Sa panahong muli itong itinanghal sa Vargas Museum, ay panahon naman kung kailan ibinabantayog ang mga pulis bilang bayani, dahil sa mga kaganapan sa Mindanao kung saan napatay sa ambush ang 44 na miyembro ng Special Action Forces. Tinatayang ang mga kaganapan sa magkaibang panahon ng pagtatanghal, bukod sa lugar ay magkakaroon ng epekto sa mga makakaranas ng likha.

Sa pag-usisa sa kinalaman ng panahon sa pagkakamâ ng likha, ibinahagi din ni Reamillo na ang kaniyang "House of Horrors" ay itinanghal sa panahong kababalik lamang ni Imelda sa Pilipinas matapos ang *exile* nito sa Amerika. Makahulugan ang likha bilang pagtuligsa sa panahong iyon dahil sinasariwa ang mga kaganapang nagmarka sa kasaysayan, hindi lang ng Maynila, kung saan naroon ang likha, kundi ng buong Pilipinas. Hindi lang ito ang likha ni Reamillo na muling itinanghal, ang kaniyang piyesa para sa 13 Artist Award ng Cultural Center of the Philippines noong 1994 ay muling itinanghal sa Japan at Venice. Hindi lamang ang panahon o taon ang nabago rito, kaakibat nito ang kontekstong kultural ng mga nakaranas.

## PAGLALAGOM

Sa bandang huli, gusto kong balikan ang tanong ni Abaya—kung ang pagkakamâ ba ng isang likha ay *a priori* o *a posteriori*? Ito ba ay habang ginagawa o habang dinaranas?

Maganda ang tugon ni Reamillo nang sabihin niyang ito ay magkahalo. Ayon sa kaniya, angkla ng mga likha ang lugar (maging ang lugar ay literal, kultural, inimbento o simboliko). At ito naman ay lagi't lagi ring nakapaloob sa pangkalinangang balangkas. Idinagdag kong tanong, kung kaninong kultura o kalinangan ito aangkla, sa artista ba, sa nakararanas ba, o sa lugar kung saan ito itinatanghal (sa pagkakataong ang mga ito ay magkakaiba)? Tugon niya, na ito ay magkakasalubong, tahi-tahi, magkakaugnay. Ayon pa kay Reamillo, ang pokus ng paglikha ay ang pagkakaroon ng maraming pakikipagkawing o pagkaranas. Nasa pakikipagdiyalogo sa iba't ibang manonood ang bagting at katuturan ng likhang sining.

Bilang paglalagom, ipinaliwanag ni Abaya ang kahalagahan sa pagninilay sa usapin ng mga likha o paglikha na nakakamâ sa lugar ay isang pagninilay tungkol sa ating proseso ng paglikha. Maaari itong suriin kaakibat ng globalisadong sistema ng mundo at pagtatakda ng mga may kapangyarihan 'kung ano o alin lamang' ang sining. Ang pagkakahon ng depinisyon ay isang paraan ng pagkontrol. Sa kabilang banda, ang pagbubukas ng depinisyon (halimbawa, para sa konsepto ng paglikha ng nakakamâ sa lugar) ay isang paraan ng pagtaliwas sa popular na kalakaran dahil ito ay *fluid* na proseso, mahirap ito i-*commodify*, problematiko; sa pagninilay dito tayo natututo.

Ang usaping ito ay hindi isinara o itinuturing na natapos sa diskusyong naganap sa Vargas Museum noong 7 ng Marso 2015, o sa mga sumunod na diskusyon sa pamamagitan ng e-mail noong Abril at Mayo 2015. Ito ay isang usapin na patuloy na sasaliksikin at pagninilayan, dahil bilang curator na nakatuon sa malikhaing proseso ang lugar at ang ginagampanang papel nito sa mga malikhain ay mananatiling bukas na paksang walang iisang kahulugan.

## MGA TALA

[1] Para sa kasaysayan at karagadagang impormasyon maaring basahin si Nick Kaye, Site-Specific Art, Performance, Place and Documentation, New York and London: Routledge, 2000.

[2] Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa 98B COLLABoratory, maaring tingnan ang website na http://www.98-b.org/

[3] Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Art Center Ongoing, maaring tingnan ang website na http://www.ongoing.jp/en/artcenter/residence/index.php

[4] May maigsing tala at bidyo ng kaganapang ito na pinamagatang, "The (Failed) Assassination of Imelda Marcos, mula sa link na ito: http://www.filipiknow.net/imelda-marcos/. Web. Abril 2015.

[5] Para sa karagdagang impormasyon sa proyektong ito, maaring basahin ang artikulo ni Talitha Espiritu, may pinamagatang, "House of Horror," mula sa website na http://www.alwinreamillo.com/content/house-horrors. Web. Abril 2015.

[6] Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa tinukoy na likha maaring basahin ang "Interview with Arthur R. Rose—Robert Barry", mula sa website na http://theoria.art-zoo.com/interview-with-arthur-r-rose-robert-barry/, Web. Abril 2015. orihinal na nailathala sa *Arts Magazine, vol. 43, no. 4, New York, February 1969.*

[7] Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa tinukoy na likha maaring tingnan ang website na http://www.tate.org.uk/context-comment/articles/gallery-lost-art- richard-serra. Web. Abril 2015.

[8] Para sa karagdagang impormasyon maaring tingnan ang website na https://blogs.uoregon.edu/danielburen/posts/. Web. Abril 2015.

9 Miwon Kwon, "One Place after Another: Notes on Site-Specificity," October, Vol. 80. (Spring, 1997), pp. 85-110.

10 Ibid.

11 David Harvey, "Space as a Keyword," Paper for Marx and Philosophy Conference, 29 May 2004, Institute of Education, London. Web. PDF. http://frontdeskapparatus.com/files/harvey2004.pdf . Abril 2015.

12 Henri Lefebvre, *The Production of Space*, Oxford: Basil Blackwell, 1991.

13 Para sa karagdagang imporamasyon maaring panoorin ang bidyo sa https://youtu.be/ieVw3Mey5GQ

14 Para sa karagdagang impormasyon, maaring tingnan ang website na "Selected Writings by Robert Smithson," https://www.robertsmithson.com/essays/provisional.htm. Web. Abril 2015

## MGA SANGGUNIAN


98B COLLABoratory.http://www.98-b.org/ Web. Abril 2015

Art Center Ongoing. http://www.ongoing.jp/en/artcenter/residence/index.php Web. Abril 2015.

Buren, Daniel. https://blogs.uoregon.edu/danielburen/posts/. Web. Abril 2015.

Duchamp, Marcel. https://youtu.be/ieVw3Mey5GQ

Espiritu, Talitha, "House of Horror." http://www.alwinreamillo.com/content/house-horrors. Web. Abril 2015.

Harvey, David. "Space as a Keyword," Paper for Marx and Philosophy Conference, 29 May 2004, Institute of Education, London. http://frontdeskapparatus.com/files/harvey2004.pdf Web. Abril 2015.PDF.

"Interview with Arthur R. Rose—Robert Barry." http://theoria.art-zoo.com/interview-with-arthur-r-rose-robert-barry/ Web. Abril 2015

Kaye, Nick. *Site-Specific Art, Performance, Place and Documentation*, New York and London: Routledge, 2000. Print.

Kwon, Miwon. "One Place after Another: Notes on Site-Specificity," *October*, Vol. 80. (Spring, 1997), pp. 85-110.

Lefebvre, Henri. *The Production of Space,* Oxford: Basil Blackwell, 1991

"Selected Writings by Robert Smithson." https://www.robertsmithson.com/essays/provisional.htm Web. Abril 2015

Serra, Richard. http://www.tate.org.uk/context-comment/articles/gallery-lost-art-richard-serra. Web. Abril 2015

"The (Failed) Assassination of Imelda Marcos." http://www.filipiknow.net/imelda-marcos/. Web.Abril 2015